JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalamputon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7
## Pagsusulat ng Komposisyon 0 Maikling Balita



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Reah Mercedes A. Tosoc
Marissa G.Rubin
**Editor:** Annabelle A. Pasko
**Tagasuri sa Distrito:** Annabelle A. Pasko
**Tagasuri sa Dibisyon:** Rizalyn II P. Camado
**Tagapagpamahala:**
Majarani M. Jacinto, EdD., CESO VI – Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD., CESE– Asst. Schools Division Superintendent
Visminda Q. Valde, EdD. – Asst. Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD. – Chief Education Supervisor, CID
Ernesto F. Tardo,EdD. – Chief Education supervisor, SGOD
Josephine L. Tomboc, EdD. – Education Program Supervisor - Filipino
Romeo G. Magallanes – Public Schools District Supervisor
Florencio R. Caballero,DTE - Education Program Supervisor, LRMDC



# Alamin

Magandang buhay kaibigan! Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na nagagamit ang mga bagong natutuhang salita sa paggawa ng sariling komposisyon at nakasusulat ng maikling balita, editorial, at iba pang bahagi ng pahayagan.

May mga pagsasanay akong inihanda para sa iyo upang maging bihasa tungkol dito.


Inaasahan na sa pagtatapos sa araling ito, ikaw ay:

- Nakagagamit ng mga bagong natutuhang salita sa paggawa ng sariling komposisyon**. (F5PT-IV-j.6)**
- Nakasusulat ng maikling balita, editorial, at iba pang bahagi ng pahayagan. **(F5PU-La-2.8, F5PU-IIIj-2.II)**



# Balikan

Suriin ang mga datos ng bar tsart. Bigyang kahulugan ang mga ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.




1. Anong datos ang napapaloob sa bar graph?
   A. Gamit ng kuryente ng pamilyang Tosoc
   B. Gamit ng tubig ng pamilyang Tosoc
   C. Gamit ng transportasyon ng pamilyang Tosoc

2. Anong buwan ang may pinakamalaking gamit ng kuryente?
   A. Marso
   B. Abril
   C. Mayo

3. Ilang kilowatt ang nagamit sa buwan ng Hunyo?
   A. 139 Kwh
   B. 111 kwh
   C. 135 kwh

4. Sa anong buwan may pinakakaunting gamit ng kuryente?
   A. Pebrero
   B. Enero
   C. Marso

5. Sa anong buwan ang magkapreho ang gamit ng kuryente?
   A. Mayo at Agosto
   B. Hulyo at Agosto
   C. Marso at Abril

6. Ilang kwh ang itinaas mula sa buwan ng Marso at Abril?
   A. 20 kwh
   B. 40 kwh
   C. 45 kwh

7. Ayon sa bar graph, ilang kwh ang pinakamataas na nagamit ng pamilyang Tosoc?
   A. 140 kwh
   B. 120 kwh
   C. 100 kwh

8. Ano ang datos sa pahigang aksis?
   A. buwan
   B. kwh na nagagamit
   C. cu.meter

9. Ano ang datos sa pahabang aksis?
   A. buwan
   B. kwh na nagagamit
   C. cu. Meter

10. Pagsunod-sunurin ang bilang ng mga kilowat na nagamit mula sa pinakamataas hanggang sa pinakakaunting nagamit
    A. 135 kwh,130 kwh,140 kwh,120 kwh,110 kwh,100 kwh
    B. 140 kwh,135 kwh,130 kwh,120 kwh,110 kwh,100 kwh
    C. 100 kwh,110 kwh,120 kwh,130 kwh,135 kwh,140 kwh



# Tuklasin

Punan ang patlang ng nawawalang salita upang mabuo ang diwa ng mga pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Pamukhang Pahina | Editoryal |
| Pahinang Pampalakasan | Pahinang Panlibangan |
| Anunsyong Klasipikado | Pitak |

1. __________kung nais maghanap ng trabaho, o bumili ng mga bagay para sa sarili at pamilya.

2. __________mababasa ang iba't-ibang laro, labanan o patimpalak na nauugnay sa mga ito.

3.___________ ang libangan, palaisipan, komik istrip, palabas sa mga sinehan at tanghalan, kapalaran, at iba pa ay mababasa sa pahinang ito.

4. ___________ maikling paglalahad o paglalarawan ng editor ng pahayagan ng mga bagay-bagay na nakikita niya sa paligid.

5. ___________ nasa bahaging ito ang mga pinakasariwang pangyayari sa bansa at sa daigdig.

6. ___________ na naglalahad ng impormasyon hinggil sa mga bagay-bagay na nagaganap sa bansa.



# Suriin

Paano mo malalaman ang pinakabagong pangyayari sa bansa o sa buong mundo?

Sa pakikinig ng mga balita sa radio, telebisyon, internet at pagbabasa ng pahayagan ay malalaman natin ang mga napapanahong pangyayaring nagaganap dito sa ating bansa at sa iba pang panig ng mundo.

Sa pagsulat ng balita ay pawang katotohanan lamang. Huwag mapaligo-ligoy. Siguraduhing walang pinapanigan.

Ang balita ay may anim na sangkap na dapat isaalang-alang: Ang *ano, sino, kailan, saan, paano, at bakit*. Ito ang mga katanungan sinasagot ng balita.

- Ano—tumutukoy sa pinakamahalagang pangyayari
- Sino---tumutukoy sa tao o mga taong sangkot sa pangyayari
- Saan--tumutukoy sa lugar na pinangyarihan
- Kailan-tumutukoy sa panahon, petsa o oras na naganap ang pangyayari
- Bakit---tinatalakay ang sanhi at bunga ng pangyayari
- Paano- inilalahad ang paraan ng pagkakaganap ng pangyayari

Sa pahayagan nababasa ang mga balita na nagdudulot ng karagdagang kaalaman. Mahalagang malaman ang mga bahagi at wastong paraan ng paggamit ng mga ito.

1. *Pamukhang pahina* — nasa bahaging ito ang mga pinakasariwang pangyayari sa bansa at sa daigdig.

2. *Editoryal* — ito ay maikling paglalahad o paglalarawan ng editor ng pahayagan ng mga bagay-bagay na nakikita niya sa paligid, na ang karamihan ay halaw ang paglalahad na ito sa balita. Maaaring maghatid ng impormasyon, sumuri, o pumuna.

3. *Pitak* — ang ilan sa mga manunulat o mamahayag ay may pitak na naglalahad ng impormasyon hinggil sa mga bagay-bagay na nagaganap sa bansa. Hindi katulad ng editoryal, maraming paksang tinatalakay sa pitak.

4. *Pahinang Panlibangan* — ang libangan, palaisipan, komiks istrip, palabas sa mga sinehan at tanghalan, kapalaran, at iba pa ay mababasa sa pahinang ito.

5. *Pahinang Pampalakasan* — mababasa ang iba't-ibang laro, labanan, o patimpalak na nauugnay sa mga ito. Mababasa rin dito ang mga kilalang tao sa larangan ng palakasan, ang mga lugar na pagdarausan ng mga patimpalak, at iba pa.

6. *Anunsyong Klasipikado* — kung nais maghanap ng trabaho, o bumili ng mga bagay para sa sarili at pamilya, kailangang basahin ang anunsyong klasipikado.

Basahin ang sumusunod na artikulo. Tunghayan kung anong aral ang matutuhan dito.

Pag-aralan muna ang kahulugan ng mga sumusunod na salita na mababasa sa artikulo:

1. Kagimbal-gimbal — kasindak-sindak, kakila- kilabot, nakapanlulumo
2. Trahedya — kalunos-lunos o malungkot na pangyayari
3 Naghihikahos — salat sa ikinabubuhay, maralita, naghihirap
4. Napinsala — nasira
5. Dambuhala — napakalaki
6. Kalunos-lunos — kaawa-awa, kahabag-habag
7. kabayanihan — Katapangang may kalakip na tibay ng loob upang maisakatuparan ang marangal na hangaring makapagsilbi sa kapwa at sa bayan.
8. Namulat — pagkakaroon ng kamalayan o kaalaman sa isang bagay
9. Salat — naghihirap sa kabuhayan, pagdaralita
10. Humanga — damdamin ng kasiyahan at pagtataka sa nakikitang kagandahan o anumang katangian.

**Ang Kabayanihan ni Enteng**

Noong Hulyo 12, 2000, isang kagimbal-gimbal na trahedya ang nangyari sa Payatas sa Lungsod ng Quezon. Umabot sa halos 12,000 naghihikahos na pamilya ang napinsala nang gumuho ang dambuhalang bundok ng basura. Tinatayang umabot sa 217 ka tao ang namatay sa pangyayaring iyon at maraming pamilya ang nawalan ng bahay.

Ang pangyayaring ito sa Payatas ay nagpakilala sa kabayanihan ng isang batang bayani na si Vicente "Enteng" Tagle.

Nang mangyari ang trahedya, si Enteng ay sampung taong gulang pa lamang. Si Enteng at ang kaniyang pamilya ay nakatira sa tambakan ng basura. Dahil sa kahirapan ng buhay, namulat siya sa maagang pagtatrabaho. Ngunit kahit salat sa maraming bagay ang bata, mulat si Enteng sa kahalagahan ng pagmamahal at pagmamalasakit sa kaniyang pamilya at sa kapwa. Panganay siya sa anim na magkakapatid . Ang kaniyang mga magulang ay sina Rosalinda na dating tumutulong sa isang *day care center* at si Simson na isang *construction worker.*

Nang nangyari ang pagguho ng bundok ng basura, agad na inisip ni Enteng na kailangang maging ligtas ang kaniyang isang taong gulang na kapatid. Kaya sa gitna pagkakagulo ng mga tao, mabilis niyang pinuntahan sa kuwarto ang kapatid. Niyakap niya nang mahigpit ang kapatid habang narinig nila ang nakabibinging pagguho ng bundok ng mga basura.

Pagkaahon nila ay tuluyan nang gumuho ang kanilang bahay.Pagkatapos ay narinig naman ni Enteng ang pag-iyak ng isang walong taong gulang na bata na si Kikay, ang kaniyang kalaro na natabunan na ng mga guho.

Noong Setyembre 2002, isa si Enteng sa itinampok sa *Reader's Digest Everyday Heroes* bilang"The Little Rescuer". Siya ang kauna-unahang Pilipinong napabilang sa *Everyday Heroes.*

Kahanga-hangang isipin na ang isang batang tulad ni Enteng ay nakapagligtas ng buhay ng mga kapuwa rin niya bata.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno o papel.

1. Ano ang isang kagimbal-gimbal na nangyari noon Hulyo 12, 2000?
2. Ibigay ang mga pinsalang naidulot ng trahedya?
3. Sino ang batang kinilalang isang bayani nang mangyari ang trahedya? Ano ang nagawa niyang kabayanihan?
4. Ilarawan ang pamilya ni Enteng.
5. Para sa iyo, anong uri ng katapangan ang ipinakita ni Enteng?
6. Sa iyong pananaw, ano ang napatunayan ni Enteng bilang isang bata?
7. May karanasan ka rin ba katulad ng kay Enteng? Tungkol ito saan?



# Isaisip

Tandaan mo ang mga mahalagang bagay na dapat isaalang-alang sa pagsulat ng isang balita ay ang anim na sangkap; Ano, Sino, Kailan, Saan, Paano, at Bakit. Ito ang mga katanungang sinasagot ng balita.

Pawang katotohanan lamang ang isulat at huwag magpaligoy-ligoy. Tiyakin na walang pinapanigan.



# Tayahin

**Gawain 1**

Hanapin ang kahulugan ng mga salita sa Hanay A na katugma ng nasa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1. naitipa | * nag-aalok ng iba’t-ibang mga posibilidad sa palakasan |
| 2. isalpak | * naipanalo |
| 3. naibuslo | * naipuntos/nakapuntos |
| 4. sports complex | * isang pagkakataon na puntos na ibinigay sa koponan kung ang isang manlalaro mula sa ibang koponan ay lumabag sa isang panuntunan |
| 5. crucial free throws | *naishot/naipasok |

**Gawain 2**

Sumulat ng isang balita mula sa sumusunod ng mga detalye sa ibaba. Lagyan ng angkop na pamagat.

* Pangalawang laro ng PBA Philippines cup best-of-seven finals series.
* Scottie Thompson , LA Tenorio
* PBA Sports Complex, Pampanga
* Disyembre 2, 2020
* Naitipa ng Ginebra ang kartadang 2-0 laban TNT
* Naisalpak ang 3 points ni Scottie Thomson mula sa right corner upang mabigyan ng dalawang puntos na lamang ang Ginebra habang may natitirang pang 30 segundo sa laro.
* Naibuslo ni LA Tenorio ang ilang crucial free trows na nakapanalo ng Ginebra sa iskor na 92-90.

_______________________________

_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

**Gawain 3**

Punan ang mga patlang ng tamang impormasyon batay sa sitwasyon na nasa ibaba.

| |
|---|
| Isang grocery store ay nangangailangan ng mga sumusunod na posisyon; Certified Public Accountant, Bookeepers, Secretary, Encoders at Baggers. Ang nais mag apply ay pumunta lamang sa kanilang opisina ng Personal Department na matatagpuan sa Purok Matahimik B, Paglaum, Dumalinao, Zamboanga Del Sur. |

Nangangailangan: ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

Pumunta sa ______________________________
______________________________
______________________________



# Karagdagang Gawain

Gumupit o sumipi ng mga balita sa pahayagan. Idikit sa papel at kilalanin kung anong bahagi ng pahayagan ang mga ito.

# Susi ng Pagwawasto

**TAYAHIN:**

**Gawain 1**

1.natalo

2.naishot/naipasok

3.naipuntos

4. crucial free throws

5. isalpak

**Gawain 2**

Bigyan ng puntos ang nabuong balita ayon sa ibinigay na rubric sa pagsulat ng balita.

**Gawain 3**

Nangangailangan ng:
Certified Public Accountant, Bookeeper, Encoders, baggers
Pumunta sa Personal Department, Purok Matahimik B, Paglaum, Dumalinao, Zamboanga del Sur

PAGYAMANIN: Gawain 2

ANO- kagimbal-gimbal na trahedya
SINO-Vicente 'Enteng" Tagle,Sampung Taong Gulang
SAAN-Payatas,Lungsod ng Quezon
KAILAN- Hulyo 12,2000
BAKIT- gumuho ang dambuhalang bundok ng basura
PAANO-nailigtas ni Enteng ang kaniyang isang taong gulang na kapatid at ang kaniyang kalaro na si Kikay na natabunan ng mga gumuho,hinirang siyang "The Little Rescuer" ng Reader's Digest Everyday Heroes noong Setyembre 2002,12,000 naghihikahos na pamilya ang nawalan ng bahay,217 tao ang namatay.

Gawain 3
Bigyan ng puntos ang nagawang balita,batay sa ibinigay na rubric sa pagsulat ng balita.
Gawain 4
Magkakaiba ang maging opinion ng mga mag-aaral

**BALIKAN**

1. a
2. b
3 .c
4. c
5. a
6. b
7. a
8. a
9. b
10. b

**TUKLASIN**

1. Anunsyong Klasipikado
2.Pahinang Pampalakasan
3.Pahinang Panlibangan
4.Editoryal
5. Pamukhang Pahina
6. Pitak

# Sanggunian


Department of Education. *Most essential learning competencies Filipino 5*. Philippines: Department of Education, 2020.

Remate. "TnT binigo ng Ginebra sa game 2." Published December 2, 2020. https://www.remate.ph/tnt-binigo-ng-ginebra-sa-game-2/.